# PROLOGUE

"Ang bagal mo talagang kumilos!" Gigil na hinila ni Remedios ang mahabang buhok ni Miranda at pinagsasampal siya sa pisngi. Nagtangka pa sanang makalayo ang dalaga pero bumalandra na siya sa sulok ng kuwarto. "Wala kang kuwenta! Wala kang utang na loob! Ilang sako na ba ng bigas ang ipinakain ko sa 'yo pero ni minsan, wala kang pakinabang!"

"Tita, h-huwag ho… masakit," humahagulhol na pakiusap ng dalaga. Pilit niyang sinasangga ang mga braso laban sa bawat hagupit ng kamay ng tiyahin pero masyado itong malakas kumpara sa payat at nanghihina niyang katawan.

"Mas marami pang sakit ng katawan ang matatanggap mo sa akin kung hindi mo aayusin 'yang katigasan ng ulo mo! Bakit hindi mo nilandi 'yung matanda kanina? Bakit hindi mo kinuha 'yung wallet niya, eh, alam mo namang mayaman 'yun! Hitsura pa lang, marami ka nang masusulot! Napakalaki mong tanga!"

"P-pero m-mabait ho siya, Tita…" sunud-sunod siyang napasigok. "H-hindi ko ho siya kayang dayain.

M-mabait ho siya sa akin. B-binigyan nga ho niya ako ng pera…”

Nanginginig na dinukot niya mula sa bulsa ng pantalon ang perang iniabot ng matandang lalaki kanina bago ito umalis sa motel.

“’E-eto ho…”

Lalong nagtagis ang bagang ni Remedios. Pahablot nitong kinuha ang pera at galit na isinampal sa kanyang pisngi.

“Ito? Isang libo? Put*ng ina naman oh, kung hindi ba naman saksakan ka ng bobo! Wala pa ito sa p’wede mo sanang nasamsam kung ninakaw mo lahat ng laman ng pitaka ng matandang ’yun! Alam mo namang minsan lang may dumaan sa motel na ’to, di ba? Alam mo namang ’yung mga tangang naliligaw lang ang nakakarating sa lugar na ’to ’tapos palalampasin mo pa? Tanga!”

“T-Tita—”

Hindi na niya natapos ang sasabihin dahil muli siya nitong sinampal nang malakas. Umiiyak na nasapo ni Miranda ang kanyang pisngi.

“Hindi ka kakain nang buong araw! Dito ka

lang sa leche mong kuwarto at hindi ka puwedeng lumabas hangga't hindi ko sinasabi, naiintindihan mo?" mataray nitong sabi.

"T-Tita… k-kahapon pa ho ako hindi kumakain." Humahagulhol na niyakap niya ang mga binti nito. Hindi niya alam kung kaya pa niyang matiis ang isang araw na walang laman ang tiyan. Para na siyang mamamatay sa labis na gutom. "P-patawarin na ho ninyo ako… h-hindi ko na ho uulitin. T-Tita, parang awa n'yo na ho… gutom na gutom na ako."

"Manigas kang boba ka!"

"T-Tita…!"

Ngunit tuluyan na itong umalis at iniwan siya sa attic. Iyon ang nagsilbi niyang silid at kulungan simula noong iwan siya ng ina sa poder ng tiyahin at hindi na binalikan.

Wala siyang nagawa kundi humagulhol at tahimik na nagdasal. Siguradong hindi siya kakain hangga't galit ang kanyang Tiya Remedios.

"M-Mama…"

Hindi niya alam kung nasaan na ang ina. Ni sulat ay wala siyang natanggap mula rito.

Walong taong gulang siya noong iwan siya nito sa kanyang tiya. Nangako itong babalikan siya pero makalipas ang sampung taon ay hindi pa rin iyon nangyayari.

Noon ay mayaman pa ang kanyang tita at tito kaya walang problema sa mga ito ampunin man siya sandali. Pero nalugi sa negosyo ang mag-asawa kaya unti-unting nawala ang mga kabuhayan. Napilitang ibenta ang malaking bahay at lumipat sila sa liblib na lugar na iyon. Simula rin noon, naging mahigpit na sa kanya ang tiyahin.

Ang sabi ng kanyang tita, patay na raw ang kanyang ina pero hindi siya naniniwala roon. Sa kaibuturan ng kanyang puso, umaasa siyang babalikan siya nito, kukunin at ilalayo mula sa lugar na iyon. Pero sa huli, alam niyang hanggang panaginip lang iyon.

Ilang oras pa ang lumipas bago bumukas ang nakakandadong pinto ng silid niya.

"T-Tito…?"

Maingat siyang nilapitan ng kanyang Tito Mario. Matanda na ito kaya nahihirapan nang gumalaw. Madalas sumakit ang mga paa nito at kailangang

inaalalayan sa paglakad. Siguradong naghirap ito para mapuntahan siya.

Iba ito sa kanyang Tita Remedios. Mabait ang kanyang Tito Mario, lagi siyang ipinagtatanggol bagaman laging inaapi ng asawa. Mahina na kasi ang katawan ng lalaki kaya hindi na makalaban. Idagdag pang mabait ito kahit masama ang ugali ng asawa.

"'Eto, kainin mo, hija." Iniabot nito ang isang supot ng kanin na may kasamang kaunting ulam. Mabilis niya iyong kinuha at binuksan. Nangangatal na talaga ang kanyang mga kalamnan dahil sa labis na gutom.

"S-salamat ho, Tito." Umiiyak na niyakap niya ito. "P-pasensya na ho, s-sinuway ko ulit si Tita."

"Naku, walang anuman. Masaya nga ako't hindi ka gumawa ng masama," tukoy nito sa pangungupit na siyang iniutos ng asawa nito na gawin niya.

Hinaplos nito ang mahaba niyang buhok, pagkuwan ay mabigat ang dibdib na bumuntong-hininga. "Basta tandaan mo, hija, darating ang araw, makakaalis ka rin sa lugar na ito."

Mapait siyang napailing. "P-paano ho? Ang s'abi n'yo, w-wala na si Mama… wala nang puwedeng

kumuha sa akin."

"Meron." Ngumiti ito nang matamis. "Si Prinsipe."

Malungkot siyang napayuko. Mayroon nga kayang prinsipe ang isang tulad niya?

Napakaimposible.

"Tito naman, binibiro na naman ninyo ako. Hindi naman ho totoo si *Cinderella*, gawa-gawa lang iyon ng mga taong tulad ko. Hanggang pangarap lang, hanggang panaginip…"

Umiling ito. "Pangarap man o panaginip, nagkakatotoo din. Maniwala ka lang, ipagdasal mo at ibibigay sa 'yo."

# 1

“Damn!” Inis na nahampas ni Dustin ang manibela. It was six p.m. at hindi niya alam kung nasaan na siya sa mga oras na iyon.

And then, this happened!

Nasiraan siya ng kotse sa gitna ng lugar na tila hindi parte ng mundo.

“For crying out loud, bakit ngayon ka pa nagloko?”

Paulit-ulit siyang napamura habang pilit pinapaandar ang kotse na ayaw namang umandar.

“You’re a worthless clunker!” Inis na lumabas siya at sunud-sunod na sinipa ang bumper ng *Benz*. “Start, damn it! Or I’ll break you to pieces, a*shole!” galit na kausap niya sa kotse na para ba iyong isang tao. Tiim-bagang na nahaplos niya ang buhok. Just what he had expected. Sana hindi na niya binalak hanapin ang ni minsan ay hindi niya naapakang bahay ng mga Valderama.

It was his old friend Mar’s wedding. Matagal na silang hindi nagkikita ng kaibigan, pero malapit

ito sa kanya. Kaya kahit anong mangyari ay pipilitin niyang makarating sa kasal nito.

Napabuntong-hiningang napalinga-linga siya sa paligid. Maputik ang basang kalsada. Halatang nawala siya mula sa main road at naligaw sa lugar na iyon. Ang lakas kasi ng ulan kanina kaya sinundan na lamang niya ang detour. At hindi na niya alam kung saan na siya napadpad. Really, the place was creepy. Punung-puno ng mga puno ang paligid.

“Sh*t!” Lalo siyang nakadama ng pagkairita nang magsimula na namang pumatak ang ulan. Muli siyang pumasok sa kotse at napabuntong-hiningang inihilig ang ulo sa headrest. This was going to be a very bad night, just what he thought—no good bed, no dinner, nothing but raindrops.

Mariin siyang napapikit. Ano ba ang gagawin niya?

Una, siguro dapat subukan niyang pag-isipan ang dapat niyang gawin. Pangalawa, baka dapat magsimula na siyang maglalakad at maghanap na matutuluyan pansamantala. Pangatlo, dapat tawagan na niya ang kaibigan at magpasundo dito.

He opted to do the last. In the first place, kasalanan ito lahat ni Mars for emotionally

blackmailing him to come to his wedding. Alam na alam naman nitong wala siyang alam tungkol sa ruta sa lugar na iyon.

Dinukot niya ang cellphone. "Sh*t!" Inis na ibinato niya iyon sa backseat. Nagkataon pang empty na ang battery ng cellphone niya at wala pa naman siyang dalang charger.

Wala na siyang choice kundi ang maghanap ng matutuluyan. Hinintay niya munang humina ang ulan bago siya lumabas mula sa kotse.

Madilim na ang paligid. Isinuot niya ang hood ng jacket at nakapamulsang binagtas ang madilim na kalsada.

*Mars is really going to pay for this.* Walking in the mud under drizzles? It was totally his friend's fault and right now he could not help but think of that.

"Thank heavens!" Relieved na binilisan niya ang paglakad. He had been walking for fifteen minutes at hindi niya inaasahang makakakita siya ng isang sign board sa di-kalayuan.

*'Lost Motel'* ang nakasulat doon.

Hindi niya mapigilang mapakunot-noo.

Nakapagtatakang magkakaroon ng isang motel ang napakakubling lugar na iyon. As a young businessman, he thought the idea was totally irrational, but he would not dare criticize it. Ang mas mahalaga sa ngayon ay iyong katotohanan na mukhang may disente siyang matutuluyan sa gabing iyon.

Katamtaman ang laki ng motel; not so classy but he could take that.

“Here we go…” Pinindot ni Dustin ang doorbell, winawaksi mula sa utak ang lamig na gustong bumalot sa kanyang buong sistema.

He looked around the porch and shivered at the sight. *Parang may pagka-satanic yata ang may-ari ng motel,* naisip niya. Ang creepy ng atmosphere pagkatapos ay kung anu-anong rebulto ang naka-display sa paligid. Gusto tuloy niyang mag-back-out.

Pero nawalan na siya ng oras para gawin iyon. Bumukas ang pinto at bumungad ang isang may-edad na babae.

“H-hi.” Awtomatikong napaatras siya. The woman was wearing all black at nang masinagan ng liwanag ang mukha nito, nakita niya ang kulu-kulubot nitong mukha.

But in contrast, ngumiti ito nang matamis; very welcoming ang hitsura nito. Nakatulong iyon nang bahagya para kumalma ang mabilis na pintig ng kanyang puso matapos makita ang kulubot nitong mukha.

"Hijo, naglakad ka ba sa ilalim ng ulan?" Malamyos ang boses nito, and it was good to listen to. She sounded so kind.

"Ah, y-yeah." Nagkibit-balikat si Dustin at marahang inalis ang suot na hood. "Nasiraan ho ako ng kotse and… I think I need a place to stay for the night."

"Ohh, gan'un ba?" Niluwangan nito ang pagkakabukas ng pinto. "Alam mo bang marami ring mga katulad mo? Naliligaw dito kaya naman napagdesisyunan na naming magtayo na lang ng motel."

"O-oh… t-that's really helpful."

Tumawa ito nang mahina, tila napansin ang tensyon sa kanyang tinig. "Sige, p'asok ka na. Wala ka bang ibang kasama?"

"Wala po, eh. Mag-isa lang ako."

Hindi na niya napansin ang makahulugang ngiti

na puminta sa kulubot nitong mga labi matapos siya nitong talikuran at humakbang paloob ng motel.

“Marami ho bang naka-check-in ngayon?”

Maganda ang looban ng motorists’ hotel. Fair enough. But there was something about the place na nagsasabing dapat na siyang umalis doon agad-agad.

“Wala nga, eh.” Bahagyang lumungkot ang boses nito. “Ilang araw na ring walang napapadpad dito kaya mahina ang kita. Salamat na lang at naligaw ka, mukhang hindi kami magugutom.”

She was joking, nakatulong para makampante siya.

“Sino ho’ng kasama n’yo rito?”

“Ang asawa ko at ang nag-iisa kong pamangkin.” Dumerecho ito sa front desk at binuksan ang log book. “Ano pala’ng pangalan mo, hijo?”

“Dustin.”

“Dustin…?”

“G-Guererro.” He didn’t want to give his real last name; it’s irrelevant anyway. “Dustin Guererro.”

“Okay, ikaw na ang bahalang magsulat ng ibang

impormasyon."

Inilapag nito ang ballpen sa ibabaw ng desk at hinarap ang kumpol ng mga susi na nakasabit sa dingding. "Saan mo gusto? Sa itaas o dito sa 'baba?"

Pekeng address ang sinulat niya sa log book. "Hmm… sa 'taas na lang ho. With a terrace if there's one. Gusto ko po kasing magpahangin."

"Number 10." Iniabot nito sa kanya ang susi at maluwang na ngumiti. "May terrace 'yan, hijo. Alam mo na siguro ang ibig sabihin."

"Oh." Additional charge. "Magkano ho?"

"Depende. May iba pa kaming serbisyo, baka gusto mong mag-avail."

Napakunot-noo si Dustin. "You mean… food? I'll get dinner and breakfast. Aalis din ho ako nang maaga bukas."

Nagliwanag ang mga mata nito. He was not sure why pero may kakaibang sinag doon.

"At may iba pa kaming serbisyo dito, hijo, maliban sa masarap na pagkain. Malamig ang gabi, baka kailanganin mo ng… katabi."

He almost choked at that. "W-what?"

Nangingiting napailing ito. “Alam kong alam mo ang ibig kong sabihin. Basta kung kailangan mo ng kasama, sabihin mo sa akin.”

“I… I d-don’t… I mean I—”

Tumawa ito nang malakas. At hindi niya napigilang mamula. “Hindi mo kailangang magdesisyon ngayon, hijo. Basta gaya ng sinabi ko, tawagan mo lang ako. Laging nakabukas ang pinto ko.”

He opened his mouth to say something pero walang lumabas mula sa kanyang lalamunan. Wala siyang nagawa kundi mag-iwas ng tingin.

“Thanks.” Mabilis na inabot niya ang susi at tumalikod.

“Good luck…” Hindi na niya narinig ang makahulugan nitong bulong.

Maluwang ang silid na ibinigay nito. The bathroom was clean and spacious. And the bed was okay.

Bumuntong-hiningang nagtungo si Dustin sa terasa at tumanaw roon. Malakas na ang buhos ng ulan sa labas at madilim na rin ang paligid.

“Crap!” Nasapo niya ang noo. Ngayon lang

niya naalala ang tungkol sa kanyang kotse. Dapat humingi siya ng tulong mula sa matanda. Baka may maligaw roon at maisipang nakawin ang sasakyan niya. It was brand new, for heaven's sake.

Nagmamadali siyang bumaba at nagtungo sa front desk. He was lucky na may tao pa rin roon. Nakayuko ito, tila may hinahanap sa drawer.

"Hey, I forgot about something. Can you help me?"

"H-ha?" Gulat na nagtaas ito ng mukha.

Awtomatikong lumipad sa hangin ang hawak nitong papel. It was a 'she'.

"S-sino ka? A-ano'ng ginagawa mo rito?"

She was shocked. Puminta sa mukha nito ang labis na takot. Sa tulong ng dim light, malinaw niyang nakita ang mukha nito.

Napakurap si Dustin. Hindi niya inaasahanang makakakita siya ng isang magandang dalaga sa lugar na tulad niyon. She was more than stunning. And his heart fluttered like hell.

"S-sino ka?" ulit nito, nanginginig na napasiksik sa dingding.

Noon lamang siya nakabawi mula sa pagkabigla.

"Damn!" Hindi na niya napigilang mapamura. Hindi siya dapat na naaapektuhan ng ganito.

Pero tila lalo itong natakot sa kanyang inasal. Akmang sisigaw na ito, pero mabilis niya itong inabot. Hindi naging hadlang ang manipis na desk sa pagitan nila. Hinatak niya ito at tinakpan ang mga labi nito gamit ang isang kamay. He was standing so close to her that he was tempted to kiss her senseless right there and then. Pero pinigilan niya ang sarili. Hindi siya pinalaking manyak ng nanay niya at hindi siya magiging ganoon kailanman.

"Shh, it's all right. Huwag kang matakot, hindi ako masamang tao." He tried his best to assure her that. Hanggang sa tuluyang nabawasan ang takot sa nanlalaki nitong mga mata. Ang desk lang ang harang sa pagitan nilang dalawa at damang-dama niya ang pangangatal nito. So, he let her go. Pero nanatili siyang nakatitig dito.

"A-ano'ng ginagawa mo rito? M-magnanakaw ka ba?"

He almost laughed at her innocence. "I just checked-in. This is a motel, remember?"

"H-ha?" May kung anong emosyon na puminta

sa mga mata nito. Her eyes were lost again; tila muling natakot. And he did not understand why.

"Umalis ka na. H-hindi ka dapat nagpunta dito." Umilap ang mga mata nito. Palinga-linga sa paligid, tila takot na takot sa kung sino.

"Hey, what's wrong?" Hindi niya mapigilang mapakunot-noo. She was interestingly naïve. Nakakaaliw itong pagmasdan. At hindi pa niya iyon naramdaman sa kahit na sinong babae. "You should be happy, right? I'm a customer, sweetie, not a thief."

Ngunit parang wala itong narinig. Umalis ito sa front desk at mabilis siyang tinabihan.

"S-sige na, umalis ka na b-bago pa siya dumating." Nangangatal ang mga kamay nitong mahigpit na humawak sa kanyang braso. He was shocked to feel her bony fingers. Was she sick? Was she even real?

Awtomatikong inabot niya ang kamay nito at sinuri iyon. They were really thin. Nagdikit ang kanyang mga kilay. "Are you all right?"

"H-ha?" Tila nagulat na hinila nito ang palad.

Pinasadahan niya ito ng tingin. Bahagyang nangingitim ang ilalim ng mga mata nito, malalalim

ang mga pisngi na para bang hindi kumain nang ilang araw. And she was shaking; nakahandang umiyak anumang oras.

"Miranda!"

Takot na napalinga ito sa pinanggalingan ng boses. Pero nanatili siyang nakatingin sa mukha nito. Bakas doon ang labis na takot. And he knew there was something wrong.

"Ano'ng ginagawa mo?" It was the old woman. Galit itong lumapit at hinila ang dalagang kausap niya. Gusto niyang magprotesta pero kinuyom na lamang niya ang mga palad. She looked so helpless under that woman's prowess. "Ang aga ng gabi, lumalandi ka na naman!"

"No, it's not like that," mabilis niyang sabad para hindi na magalit sa dalaga ang matanda. Hindi rin niya maintindihan ang pakiramdam na gusto niyang pawiin ang takot na nakapinta sa mga mata nito. "Humihingi lang ho ako ng tulong. Naiwan ho kasi ang kotse ko sa kalsada. I just wanna know if there's any way I can take it here."

Pormal ang mukha ng matanda nang tumingin sa kanya. Tila labag sa kalooban nang bitawan ang pamangkin. "Bakit hindi mo sinabi agad kanina para

natulungan kita? Nagpapahinga ka na sana ngayon, Hijo."

"I'm sorry, nawala ho kasi sa isip ko."

Hindi ito agad nagsalita. Tila naninigurong pinasadahan siya nito ng tingin. "O baka naman napag-isipan mo na ang tungkol sa sinabi ko kanina?"

"H-ho?"

"Baka kailangan mo ng kasama ngayong gabi, hijo," paalala nito.

"Ohh, t-that." He blushed. This old woman was so straighforward. Oo nga't twenty-seven na siya at kung tutuusin ay maalam na sa mga ganoong bagay, but most folks would not so openly speak of that. Siguro hindi na nga importante iyon kung pera ang pinag-uusapan.

Pero sino ba ang babaeng binebenta nito?

Awtomatikong napatitig si Dustin sa dalagang katabi nito. And he could feel the tight dismay filling his chest. He did not know why. It was beyond his rational mind. His sane brain was bitterly disappointed.

"Hindi ka nagkamali, hijo." Mukhang nabasa nito ang kanyang naiisip. "Ano'ng desisyon mo?"

Ano nga ba ang dapat niyang sabihin? The girl was mysteriously fascinating. At may kakaibang emosyon itong binuhay sa kanyang sistema. He had never gravitated to anyone like this before. May kakaiba sa aura ng babae, and he wanted to reach that. Pero masyado pa itong bata para sa panlasa niya. Sa tingin niya ay nasa eighteen lang ito.

Pilit niyang hinila ang mga mata palayo sa maganda nitong mukha.

“M-my car, Madamme. I need to get it now.” Pinili niyang ibahin ang usapan. Baka mamaya, sumang-ayon pa siya. He was not like that—ever was and it won’t happen now. And if she was a whore, lalong hindi niya gugustuhing hawakan ni dulo ng daliri nito.

Nagkibit-balikat ang matanda. “Ako na ang bahala sa kotse mo. Magpahinga ka na, gaya nga ng sinabi mo, maaga pa ang biyahe mo bukas.”

“Thanks.” Tumalikod na siya, trying all his best not to look at that angelic face. He felt like like going in a trance.

He was losing his right mind.

# 2

Dinig niya ang mga kaluskos sa loob ng kanyang silid. Malakas na malakas ang ulan sa labas kaya hindi niya sigurado noong una kung iyon ang may gawa ng ingay; pero ngayon, hindi siya maaaring magkamali. May gumagalaw sa kanyang gamit.

He was just wearing his boxers. Naiwan ang kanyang pantalon at pang-itaas sa couch. At naroon sa bulsa ng kanyang jeans ang kanyang wallet at susi ng kotse.

Dahan-dahan niyang iminulat ang kanyang mga mata. Makulimlim ang ilaw na nagmumula sa lampshade. But he could see who it was. Ang babaeng nagtataglay ng magandang mukha.

Nangangatal ang mga kamay na kinakapkap nito ang kanyang pantalon. And bingo, she found the target. Hawak na nito ang kanyang pitaka.

Pero bago pa man ito makatayo ay mabilis na siyang bumangon at marahas itong hinawakan sa kamay. He did not give her time to scream; mula sa likuran ay tinakpan niya ang bibig nito.

"Why you cheeky little bugger!" Marahas na

kinuha niya ang wallet na kusang kumawala mula sa nanginginig nitong palad. “So, you’re actually a thief! Interesting.”

Pinilit nitong makakawala mula sa kanyang hawak pero hindi niya ito hinayaan. Kahit anong pilit nitong gawin, hindi ito magtatagumpay. Her tiny little frame would not give her any victory. Para lamang itong babasaging kristal na madaling mawasak sa kanyang palad.

“I won’t let you out of this!” Mahigpit na niyakap niya ang manipis nitong baywang. Hindi niya maiwasang malanghap ang flowery scent na ibinubuga ng katawan nito. So, was this her second tactic? Lure him like this kung sakaling nahuli niya ito?

“I’ll let you go but don’t you dare scream.” Dahan-dahan niya itong pinakawalan. She landed on the floor breathless.

“A-ano’ng gagawin mo sa akin?” She was panting for breath. Her voice husky, na para bang iiyak ito anumang oras. At hindi niya alam kung totoo ang takot na nakabalatay sa maaamo nitong mga mata. Malay ba niya kung may iniisip itong strategy laban sa kanya?

"Bakit mo ako ninanakawan? I bet your tita doesn't know about this… or does she?"

"W-wala siyang alam." Napayuko ito, niyakap ang sarili. "P-patawarin mo na ako. H-huwag mo akong sasaktan. N-nahuli mo naman ako, di ba? H-hindi kita n-nanakawan."

"Still you tried. Paano kung hindi ako nagising? You would be laughing in triumph at my back by now, wouldn't you?"

Mabilis itong umiling. Sunud-sunod na pumatak ang luha sa mga pisngi. "H-hindi totoo 'yan. H-hindi naman ako m-masaya sa ginawa ko eh… H-hindi ko gustong n-nakawan ka."

It was that easy to calm him down. "Then, why did you do it? Kung hindi mo gusto, huwag mong gawin."

Lalo itong napahagulhol habang yakap-yakap ang sarili. "S-sorry, p-patawarin mo na ako."

Hindi niya alam kung ano ang mabuting gawin. Paulit-ulit itong humihingi ng tawad na tila ba roon nakasalalay ang buhay nito. Like she was about to break into pieces. She was holding herself for defense.

“Hey, it’s all right. I won’t hurt you.”

Gusto niya itong yakapin, pero baka lalo lamang itong matakot. She was naïve as a baby.

Bumuntong-hiningang umupo si Dustin sa sahig. “Ano’ng pangalan mo?”

“M-Miranda…” napasigok na turan nito. Gamit ang laylayan ng maluwang na t-shirt, pinunasan nito ang basang mga pisngi. He looked away.

Did she literally grew up in this far flung area?

Lumantad ang dibdib nito nang itaas nito ang laylayan ng damit pero parang wala itong pakialam. Thank heavens, she was wearing a bra.

“I-ikaw… ano’ng p-pangalan mo?”

Ikiniling niya ang ulo. “Uhm… Dustin.”

“Paano ka napunta dito?”

She sounded all right. Mukhang komportable na itong kausapin siya.

“Nasiraan ako ng kotse. Kailangan kong ipaayos bago ako makaalis dito.”

“Si Tito, maaayos niya ’yon. Sigurado, makakaalis ka na bukas.”

"That's good to know." Muli niya itong tiningnan. And he was surprised to see her staring at him. Ibang klase itong makatingin.

"W-why are you looking at me like that?" untag niya.

Umiling si Miranda, bahagyang ngumiti. And he literally stopped breathing—she was even more beautiful when she smiled.

"I-ikaw kasi ang unang mabata-batang lalaki na naligaw dito." Idinantay nito ang baba sa nakataas nitong mga tuhod. "Alam mo ba, matatanda lagi ang pumupunta dito. Kakaiba ang hitsura mo sa kanila."

Gusto sana niyang ngumiti dahil sa sinabi nito. "Really? In what ways am I different?"

Kunwa ay nag-isip ito. And he could not believe he felt self-conscious under her prying eyes. Pakiramdam niya yata ay hinuhubaran siya. Bagaman, medyo sanay na siya sa ganoon, pero hindi ngayong ito ang kanyang kaharap.

"Ngayon lang ako nakakita ng lalaking halos walang suot na damit. At hindi ko alam na maganda palang titigan ang taong nakahubad."

"You're bold, aren't you?" Napakunot-noo

si Miranda kaya naisip niyang baka hindi ito nakakaintindi ng English. "Ibig kong sabihin, masyado kang prangka. Sinasabi mo lahat ng naiisip mo."

"Naiintindihan kita, hindi naman ako bobo," anito. "Kaya lang, m-masama bang maging tapat?" Lumungkot ang mukha nito. "H-hindi ba dapat gan'un?"

Napangiti si Dustin sa kainosentehan nito. "No, it's good. Ilang taon ka na ba?"

"Twenty."

Bahagyang kumunot-noo siya. "Mukha kang eighteen lang."

Dagling nagsulputan sa isip niya ang kung anu-anong bagay dahil sa impormasyong iyon—hindi ito menor de edad, limang taon lang ang tanda niya rito, puwede itong maging….

Tumayo siya at sinipat ang relo bago pa masundan ng hindi magagandang ideya ang nasa isip niya. It was two a.m. "Aren't you sleepy yet?" tanong na lang niya.

Marahan itong umiling, halatang wala pa ring balak tumayo. "Ngayon lang ako nagkaroon ng

kausap na ibang tao, bakit pa ako matutulog?"

Napakunot-noo siya. "You mean, you never go out? Dito ka lang lagi?"

"H-hindi naman ako makalabas, eh. D-dito lang ako kasama nina Tita."

"Hindi ka ba nag-aaral?" Parang imposible iyon dahil nakakaintindi naman ito ng English.

"Si Tito ang nagtuturo sa akin. Marami siyang mga aklat, hindi ako p'wedeng matulog hangga't hindi ako nagbabasa ng isa." Bahagya itong napangiti ng banggitin ang tiyuhin. "Magaling din iyong mag-English. Mayaman kasi sila dati, pero nalugi kaya dito na lang kami tumira. Saka nag-aral ako noon sa labas hanggang fourth year high school, napilitan nga lang huminto at mag-homeschool noong kolehiyo na sana ako. Naghirap na kasi sina Tito."

"Oh." Matiim niya itong tinitigan. "Why don't you try going out? Mas marami kang matututunan sa labas. This is just one part of the real world, Miranda."

Malungkot itong umiling. Nilaru-laro ang mga daliri ng paa. "W-walang mag-aalaga kay Tito. Saka, hindi papayag si Tita."

"Bakit naman?"

Pero bago pa man ito makasagot ay lumipad na ang pinto pabukas. At nagsumiksik ito sa kanya na tila ba iyon na ang katapusan ng mundo. He could feel her shaking at hindi niya alam kung dapat din ba siyang matakot.

THE MAN AT the door was gigantic. Matangkad ito pero payat ang katawan. Nagsimula na siyang mag-isip kung paano niya ito lalabanan kung sakali. Black belter naman siya sa taekwando kaya kakayanin niya ito.

"Shh, it's all right," bulong niya kay Miranda. Nakahawak ito sa kanya nang mahigpit. Nakatago ang mukha nito sa kanyang hubad na dibdib. Feeling niya ay nahahalikan na nito ang torso niya. The feel of her warm breath against his chest was intoxicating.

Damn! He shouldn't even be thinking about it at this moment.

"Miranda!" mahina pero madiing tawag ng matandang lalaki.

Awtomatikong napatingin ang dalaga sa

bagong dating. Umalis ito sa pagkakasubsob mula sa kanyang dibdib.

"T-Tito Mario…?"

Nilinga ng matandang lalaki ang likuran nito. Tila sinigurong walang tao roon bago mabilis at maingat na isinara ang pinto at binalingan ang pamangkin. "Ano'ng ginagawa mo dito?"

"T-Tito…" Umalis si Miranda mula sa kanyang bisig at nilapitan ang tiyuhin. "N-nakikipagkuwentuhan lang naman ho ako sa kanya. Wala ho akong ginagawang masama."

"Pero baka mahuli ka ni Remedios!" Dinig niya ang labis na tensyon sa tinig ng matanda. "Alam mo bang naghirap ako nang husto para lang masigurong walang masamang mangyayari sa 'yo!"

"P-pasensya na ho, Tito." Tiningnan siya ng dalaga, tila humihingi ng paumanhin. "A-aalis na ako. P-pasensya na ulit."

Wala sa loob na napatango si Dustin. "I-it's cool. Walang problema."

Binigyan siya ng madilim na titig ng matanda bago ito tuluyang naakay ni Miranda palabas ng silid.

Wala sa loob na nagbuga siya ng hangin. Sumara na ang pinto pero nanatili siyang nakatitig doon.

What the hell just happened?

MATAPOS IHATID ni Miranda ang tiyuhin sa silid nito at ng asawa ay dumerecho na ang dalaga sa attic.

Nakangiting naligo siya at nagbihis. Biglang gumaan ang kanyang pakiramdam. Balewala na ang panlalamig ng sikmura niya.

Padapa siyang nahiga sa kama. Hindi pa rin mawala sa kanyang utak ang mukha ni Dustin. Katulad ito ng mga prinsipeng nababasa lamang niya sa mga aklat ng kanyang Tito Mario.

Matangkad, masarap pagmasdan—parang hindi totoo dahil lahat ay perpekto. Ang mga mata nito ay tila nangungusap… wari ay may sinasabi kapag tumitingin. At ang mga labi nito, parang ang sarap hawakan. Habang tinititigan niya ito kanina, gusto niyang haplusin ang kabuuan nito. Maging ang boses nito, tumatagos sa kanyang kaluluwa, ang ganda sa pandinig.

Nayakap niya ang sarili at saka malungkot na

napapikit.

Pero hanggang doon na lang iyon. Hindi niya ito maaaring maging kaibigan. Dahil bukas, kailangan na nitong lisanin ang lugar na iyon.

Sumungaw ang luha sa kanyang mga mata.

Hindi niya alam kung bakit. Basta ang alam niya, parang pinipiga ang kanyang puso.

# 3

"Sh*t!"

Masama ang mood ni Dustin nang umagang iyon. Mula sa terasa ay kita niya ang malakas na buhos ng ulan. He did not expect this kind of weather. Dapat hindi na talaga siya bumiyahe.

Inis na bumaba siya at hinanap ang matandang babae. Kahit malakas ang ulan ay aalis siya. Kailangan lang talaga niya ang kotse niya.

Natagpuan niya si Remedios na nakaupo sa harapan ng porch. At hindi pa rin niya mapigilang kilabutan sa hitsura nito. Mas maliwanag ngayon kaya kita niya ang kulubot nitong mukha. Idagdag pa ang itim nitong damit mula ulo hanggang paa. She was wearing a dark veil na para bang may ililibing.

"G-good morning." Nahaplos niya ang sariling batok. "G-gusto ko lang hong malaman kung naayos na ang kotse."

"Ah, oo nga pala, hijo, gusto kong humingi ng pasensya tungkol diyan. Napakalakas ng ulan kagabi kaya hindi naayos ni Mario. Aba'y aayusin sana kanina pero lalong lumakas ang ulan."

Lihim siyang napatiim-bagang. Good Lord, hindi niya alam kung kaya pa niyang manatili sa wirdong lugar na iyon nang isa pang gabi.

"Gan'un ho ba." Napasandal siya sa katabing poste. "Kailan ho kaya titigil ang ulan?"

"Mukhang matatagalan pa, hijo. Ibinalita kasi kanina sa TV na may pumasok na malakas na bagyo sa bansa. Siguradong ilang araw ring ganito ang buhos ng ulan."

"What?" Awtomatikong umalis siya mula sa pagkakasandal. Kunot-noong sinalubong niya ang naaaliw nitong ekspresyon. "You mean, a week? I have to stay here for a week?"

Tumango ito, hindi maitago ang ngiti. "Gan'un na nga siguro. Maganda naman dito, hijo. Kaysa pilitin mong bumiyahe sa masamang lagay ng panahon, baka maaksidente ka pa sa daan."

*Heavens!* Nahaplos niya ang sariling buhok. Wala sa loob na nagbuga siya ng hangin. "P'wede ho bang makigamit ng telepono?"

"Walang koneksyon ng telepono ngayon dito, hijo, dahil sa malakas na bagyo."

A deck of trouble. Low battery ang kanyang

cellphone at wala pang landline. Paano pa niya matatawagan ang kaibigan?

"Cellphone ho, baka—"

"Hindi kami gumagamit ng cellphone."

Umarko ang kanyang labi. Totally hopeless.

"Sige ho, sa kuwarto muna ako." Lapat ang mga labing iniwan niya ang matanda. Ayaw niyang masabihang bastos kaya sa kuwarto niya pinakawalan ang sunud-sunod na mura.

Hindi na niya namalayan ang pagbukas ng pinto ng kanyang silid.

"O-okay ka lang ba?"

Awtomatikong lumipad ang kanyang mga mata sa pinanggalingan ng boses. Naroon si Miranda sa tapat ng pintuan. Nakasuot ito ng maluwang na t-shirt at mahabang palda. Halatang bagong ligo ito. Somehow, his heart fluttered at the thought of her taking a shower.

"I'm not fine." Pinili niyang ipakita ang pagkairita. "Mukha bang oo?"

Kaswal itong pumasok sa loob, and he was alarmed when she closed the door. Umilap ang

kanyang mga mata. Binantayan niya ang bawat kilos nito. If she was trying to seduce him, she was doing a damn great job.

“Siguro kasi sinabi na ni Tita na hindi ka muna makakaalis. May malakas na bagyo, hindi ligtas para sa ’yo ang magbiyahe.”

“I know.” Naiiritang hinakbang niya ang bungad ng terasa at tumanaw roon. She was inching closer and he did not like the feeling. “But I need to go.”

Rumehistro ang hapdi sa mukha ng dalaga, nasaktan yata sa narinig. “B-bakit, ayaw mo na dito?”

“I didn’t say that.” He let out a sigh, alarmed to hear the pain in her voice. “Pero may mga taong naghihintay sa akin. Siguradong nag-aalala na ang mga iyon.”

“Ilang araw lang naman, di ba? Hindi naman gan’un kahaba. Saka, hindi naman siguro gan’un kapangit dito sa amin.”

“H-hindi naman sa ganoon.” Sinabi lang niya iyon para lumubag ang kalooban nito. Pero sa katunayan, ang babae lang na ito ang nagpaganda sa lugar na iyon.

Ngumiti na rin si Miranda. Tila naeengkantong napatitig ito sa kanyang mukha. "Ganito din ba sa inyo?"

"Not even close."

"Eh, ano'ng hitsura?"

Nagkibit-balikat siya, awtomatikong nawala sa kanyang isip ang mga alalahanin. "Tall buildings, a sea of cars, a lot of faces. Maingay, hindi tahimik katulad dito. Almost no trees, just buildings and people everywhere."

Tumango ito. "Ganoon nga ang napapanood ko sa TV. Sa tingin mo, magugustuhan ko pag pumunta ako doon?"

"Maybe. But home is where the heart is. Yours just might be different."

Lumungkot ang ekspresyon nito. "Pero malabong makapunta pa ako sa mundo mo."

"Bakit naman?"

"Hindi ako papayagan ni Tita. Dito na siguro ako habambuhay."

Napatitig siya sa dalaga. At may humaplos na kakaibang damdamin sa kanyang dibdib nang

makita ang malungkot nitong ekspresyon. The next thing he knew, inabot niya na ang pisngi nito at marahan iyong hinaplos.

"You're beautiful…" wala sa loob na bulong niya. Kusang bumaba ang kanyang palad sa leeg nito; slightly touching her skin with his eyes and fingers. It stung like bonfire. His nerves echoed how good it felt to touch her.

"D-Dustin…"

Napasinghap ito nang tumigil ang kanyang palad sa hubad nitong batok. He was about to pull her close and kiss her… kung hindi niya naramdaman ang bahagya nitong panginginig.

Mabilis niyang binawi ang kamay at umatras palayo rito. "I'm sorry…"

Malamig ang hangin pero kabaliktaran ang kanyang nararamdaman. Para siyang lalagnatin.

"B-bakit?" Inosenteng nagdikit ang mga kilay nito. "Bakit ka tumigil?"

"Miranda…" Napabuntong-hiningang sinalubong niya ang naguguluhan nitong mga mata. Magpapaliwanag na sana siya nang ito na kusang lumapit sa kanyang kinatatayuan.

“W-what are you doing?” naalarmang tanong ni Dustin.

“G-gusto ko ’yun…” Tinularan nito ang kanyang ginawa. Marahan nitong hinaplos ang kanyang pisngi pababa sa kanyang leeg.

He groaned. Sh*t! She just ended his remaining dot of self-control. His burning desire for her just went through the roof. Marahas na inabot niya ang batok nito at hinila ang mukha nito palapit sa kanyang mukha; their lips almost touching.

She gasped for air.

It felt so good but it was not enough. He wanted more.

Pero hindi pa siya tuluyang nabaliw. Binitawan niya ito at itinulak palayo.

“Don’t touch me like that.” Bahagyang tumigas ang kanyang tono.

Rumehistro ang pagkalito sa maganda nitong mukha. “A-ayaw mo ba sa akin?”

Tiim-bagang na sinalubong niya ang mga mata ng babae. “You don’t know what you’re doing. Marami kang hindi naiintindihan. Huwag mong hayaang pagsamantalahan ko ang iyong kahinaan.”

"Alam ko kung ano'ng gusto ko," diin nito. "Masaya ako ngayong 'andito ka. K-kung pwede nga, h-huwag ka nang umalis. Dito ka na lang."

Natahimik na lang si Dustin. Obvious na physically attracted siya sa babae, pero hanggang doon lang iyon. Wala sa bokabularyo niya ang salitang love at wala siyang balak na baguhin iyon. At kung sakaling pagbibigyan niya ang sinasabi ng mga mata nito, ito lang ang masasaktan sa huli.

"I can be your friend pero hanggang d'un lang 'yun," mahinang saad niya. Sinulyapan niya ang pinto. "You can leave now."

Naikuyom ni Miranda ang mga palad. Tikom ang mga labing napatitig lang ito sa kanya.

Ginalaw nito ang mga paa; pero hindi para tunguhin ang pinto. The next thing he knew, she was trying to kiss her passionately.

Oh sweet and innocent Miranda.

Parang sinisilaban na ng apoy si Dustin.

NAPASINGHAP si Miranda.

Hindi niya alam kung ano ang dapat niyang

gawin. Kanina, nang dumaiti ang palad ni Dustin sa kanyang balat, para siyang nilalagnat. At ngayong napakalapit niya sa binata, para siyang ibinabad sa kumukulong tubig.

Nanghihina ang kanyang mga tuhod at para siyang babagsak. Awtomatikong napahawak siya nang mahigpit sa t-shirt nito. Para siyang mababaliw sa sobrang sensasyon.

"You're so pushy…" bulong ng lalaki, bahagyang rumehistro ang paghihirap sa mukha. Pero mabilis din iyong nawala, parang sumuko. Hinalikan siya nito nang mariin.

Mariin siyang napapikit. Mainit ang mga labi nitong humahalik sa kanyang labi. Napasinghap si Miranda. May kung anong bagay na biglang pumasok sa loob ng kanyang bibig. Hanggang sa natagpuan niya ang sariling ginagaya ang ginawa nito. Wala siyang ibang naririnig maliban sa malakas na tibok ng kanyang puso.

Kakaiba sa pakiramdam. Parang tama na may kulang. At ayaw na niyang matapos ang sandaling iyon.

Lalo siyang nangatal. May kakaiba siyang nararamdaman sa pang-ibabang bahagi ng katawan

nito. Hindi man niya lubos na maintindihan ay tila may ideya na siya kung bakit.

Napaungol si Dustin at saka biglang kumalas. Nagrebelde ang kanyang kalooban. Awtomatikong mahigpit niya itong niyakap sa baywang. Nang magmulat siya ay nasalubong niya ang mga mata nito. Pilit siyang itinulak nito palayo.

"Stop!" May kung anong emosyon ang sumungaw sa mga mata nito.

Kumunot ang noo ni Miranda. Sa halip na sundin ito, pinagbuti pa niya ang pagkakasalikop ng mga kamay sa likod nito.

Humina ang boses nito. "That wasn't supposed to happen…"

Sumikip ang kanyang dibdib sa narinig, awtomatikong bumagsak ang kanyang mga kamay. Mabilis naman itong umatras palayo sa kanya, na parang kanina pa gustong makakawala.

Nag-init ang kanyang mga mata. Ang saya niya pagkatapos wala lang pala iyon sa binata? Hindi ba ito tila nilalagnat katulad niya? Hindi ba mabilis ang pintig ng puso nito katulad ng sa kanya?

Bumagsak ang kanyang luha.

Mabilis siyang tumalikod at lumabas sa silid bago pa ito makapagsalita.

Pinaglalaruan lang nito ang kanyang damdamin. Siguro dahil wala siyang alam sa mga bagay na iyon.

Padapa siyang nahiga sa sariling kama. Hinayaan niya ang sariling mapahagulhol kasabay ng malakas na buhos ng ulan.

"Magaling!"

Napabalikwas siya ng bangon dahil na naringgang tinig. Nakatayo ang kanyang Tiya Remedios sa bungad ng pintuan niya.

"Akala ko wala kang utak, meron naman palang natitira." Sumungaw ang isang ngiti sa mga labi nito. "Ipagpatuloy mo lang, Miranda. Akitin mo siya, paibigin hanggang sa tuluyan siyang mabaliw sa 'yo. Pagkatapos, paglalaruan natin siya. Halatang ubod siya ng yaman, masarap paglaruan."

Sunud-sunod siyang napailing. Kinikilabutan na naman siya sa inaasal ng tiyahin. Mukhang umandar na naman ang pagkabaliw nito. "Nagkakamali ho kayo, Tiya. H-hindi ko ho siya inaakit."

"Anong hindi, eh, kitang-kita ko kayong naghahalikan kanina." Tumawa ito nang malakas.

Mabuti na lang at nakasara ang pinto, kung hindi ay dadagundong iyon sa lahat ng sulok ng motel. “Sariwang-sariwa, Miranda. Tamang-tama siya sa aking panlasa.”

Tumindig ang lahat ng kanyang mga balahibo. Bumalik sa kanyang alaala ang ginagawa nito sa tuwing nawawala ito sa katinuan. Kung anu-ano ang mga naiisip ng tiyahin.

“A-ano ho’ng ibig n’yong sabihin?”

“May gamot akong pampatulog, Miranda. Ihalo mo sa pagkain niya, paniwalaing may sakit para hindi siya makaalis dito. Kailangan munang mahulog ang loob niya sa ’yo.”

Napailing si Miranda. Mabilis siyang bumangon mula sa kama at akmang aalis nang mahigpit nitong hawakan ang kanyang mga braso.

“At saan ka pupunta?” mabangis nitong asik.

Pinilit niyang makakawala sa kapit nito. “H-hindi mo siya p’wedeng saktan!”

“At ano’ng magagawa mo? Kaya mo na akong labanan? Pwe!” Marahas itong napadura. “Hindi mo ako kaya!”

Itulak siya nito pasadsad sa dingding.

“Tita…” unti-unting lumalabo ang kanyang paningin matapos siyang mauntog sa semento. Ramdam niya ang mainit na likidong umagos mula sa kanyang noo.

“Huwag na huwag mo akong kakalabanin! Magsisisi ka lang.”

Mariin siyang napapikit. Hindi na niya binigyan ng pansin ang mga sinasabi nito, maging noong lumabas ito ng silid. Inipon na lamang niya ang lakas para ibalik ang nawawala niyang kamalayan.

Pagkuwan ay dahan-dahan siyang tumayo. Paika-ikang tinungo ang nakasarang pinto. Hustong ipipihit na niya ang seradura nang tuluyan siyang mawalan ng malay.

# 4

Nagmulat siya ng mga mata. Madilim ang bintanang tumambad sa kanyang paningin. Halatang malalim na ang gabi.

"Dustin!" Mabilis siyang napatayo nang maalala ang nangyari. Kailangan niya itong tulungan. Napangiwi siya, nasapo ang nananakit na noo. Nabasa sa dugo ang kanyang palad nang hawakan niya iyon.

Paika-ikang lumabas siya ng silid at tahimik na sinilip ang silid ng tiyahin sa ibaba. Nakahiga ito sa kama, mukhang mahimbing ang tulog.

Maingat niyang isinara ang pinto at umakyat sa second floor ng motel. Kailangan niyang kumbinsihin si Dustin para linsanin na ang lugar na iyon.

"Dustin!" Niyugyog niya ito sa balikat, habang pilit kinakalma ang nanginginig na boses. "Gumising ka!"

"Hmm…" Dahan-dahan itong nagmulat ng mga mata at bahagyang nagdikit ang mga kilay nang makita siya. "W-what—ano'ng ginagawa mo dito?"

Alarmang napasulyap siya sa pinto, pagkuwan ay sinenyasan niya itong hinaan ang boses.

"Bumangon ka na, kailangan mong umalis dito!"

"What? Anong...." Napakunot-noo ito, napatitig sa duguan niyang noo. "Sh*t! You're bleeding!"

"'Wag mo nang pansinin. Bumangon ka na diyan. Sasaktan ka ni Tita! Kailangan mo nang tumakas!"

Natigilan si Dustin, bahagyang kinilabutan. "Y-you're kidding me, right? Bakit naman niya gagawin iyon?"

"Basta bigla na lang siyang nababaliw, kung anu-ano'ng naiisip!" Dinampot niya sa sahig ang mga damit nito at iniabot dito. "Magbihis ka na bago pa siya magising."

Umiling si Dustin, hindi kinuha ang damit. Bagkus ay dumilim ang ekspresyon ng mukha nito. Umandar ang katigasan ng ulo ng lalaki. "I don't get all of this. Ipaliwanag mo muna bago mo ako utusan!"

"Wala nang oras! Tumakas ka na lang."

Pero bago pa man niya matapos iyon ay bumukas ang pinto.

Nanlaki ang kanyang mga mata. Awtomatikong tumayo siya sa harap ni Dustin. Hindi niya ito hahayaang masaktan ng kanyang tiyahin.

"MAKINIG KA kay Miranda!" Si Mario ang pumasok sa silid.

Relieved na nasapo ng dalaga ang dibdib. Halos mawasak iyon sa labis na kaba kanina.

Mabilis na kinuha ng tiyuhin ang damit na hawak ni Miranda. "Magbihis ka na bago pa siya magising!"

Dustin raised an eyebrow. Hindi niya alam kung ano ang mga nangyayari. "I think I should be resting—" Pero tumama na sa kanyang mukha ang ibinato nitong damit.

"Kailangan n'yo nang makaalis! Naayos ko na ang kotse mo. Hawak mo ba ang susi?"

Bakas ang tensyon sa tinig ng matanda, puno ng labis na takot. Unti-unti na siyang naniniwala.

"Y-yeah, I have it." Mabilis niyang isinuot ang pantalon at t-shirt. Isinukbit na lamang niya sa kanyang balikat ang hooded jacket. "So do you mind clearing things out first. Ano ba'ng nangyayari, hindi

ko maintindihan."

"Wala nang oras, baka magising pa si Remedios. Kailangan n'yo nang umalis bago mangyari 'yon!" Kinakabahang nilinga ni Mario ang nakasarang pinto. May dinukot itong papel mula sa bulsa at iniabot sa pamangkin. "Ito ang huling larawan ng iyong ina. Hindi ko sigurado kung buhay pa siya, Hija, pero malakas ang pakiramdam kong iyon ang totoo. Hanapin mo siya!"

Umiiyak na inaninag ng dalaga ang hawak na larawan. "M-Mama…"

Nahaplos ang puso ni Dustin sa reaksyon nito. Nang bigla siyang hawakan ni Mario.

"Ilayo mo dito ang pamangkin ko, hijo. Pakiusap, alagaan mo siya, tulungan mo siyang makapagbagong-buhay!"

Natigilan ang binata sa narinig. Itinaas niya ang isang palad sa ere. "W-wait a minute. Ano'ng—"

"Para mo nang awa, hijo…" Halos lumuhod na ito habang nakikiusap. "Inaabuso lamang siya ni Remedios, wala siyang magiging buhay kung hahayaan ko siyang manatili sa lugar na 'to. Ito na ang pinakahihintay kong pagkakataon, alam kong isa kang mabuting tao. Tulungan mo siya, ilayo mo

siya sa impyernong ito!"

Hindi niya alam kung ano ang dapat niyang maramdaman. Pero walang alinlangang gusto niyang maniwala. The old man sounded sincere at lalong hindi niya pinagdududahan ang kainosentehang nababanaag niya sa dalagang kaharap niya sa mga oras na iyon. Tila wala itong kakayahang magsinungaling.

"All right." He let out a sigh. Binalingan niya si Miranda. Tahimik itong umiiyak habang nakatingin sa tiyuhin.

"T-Tito… paano ka? P-pag nalaman ni Tita… s-siguradong magagalit 'yon…"

Niyakap ni Mario ang pamangkin. "Hayaan mo na ako, hija. Mabuhay ka para sa sarili mo. Matagal na naming ninakaw iyon mula sa 'yo. Gusto kong maging masaya ka naman."

"T-Tito…"

Hindi niya napigilang mapatitig sa mga ito. Halatang nagmamahalan ang mga ito na para bang tunay na mag-ama. At iyon ang wala siya. Ang pagmamahal ng isang ama.

Nagbuga si Dustin ng hangin. He did not want

to remember his dad. Lalo lang siyang nasasaktan sa tuwing naiisip niya ang hitsura nito.

"Umalis na kayo." Pinalis ni Mario ang mahigpit na yakap ng pamangkin. Humahagulhol ang dalaga habang sapo ang bibig para hindi makagawa ng ingay.

Mabilis niyang inabot ang nangangatal nitong kamay. "Saan ho kami dapat dumaan?"

Sinulyapan ng matandang lalaki ang terasa. "Bumaba kayo sa bubungan sa likod. Mababa ang distansya niyon mula sa lupa."

"All right." Binalingan niya si Miranda. She was still trying not to cry out loud. Mabilis siyang nag-iwas ng mga mata. "Let's go."

NAUNA SI DUSTIN na tumalon sa lupa. Madulas iyon dahil sa malakas na buhos ng ulan. Akmang tatalon na si Miranda pababa nang mahuli ng kanyang mga mata ang matandang babae sa terasa. Sa likod nito ay nakabulagta si Mario, walang malay na nakadapa sa sahig.

"Miranda!" Mabilis na inaakyat ni Remedios ang bubungan at mabilis na nilalapitan ang nangangatal

na pamangkin. “Saan ka pupunta? Tatakasan mo ako?”

Napalingon rito ang nangangatal na dalaga.“T-Tita!”

Madilim ang mukha ni Remedios; bakas doon ang labis na galit. Hindi rin nito alintana ang malakas na ulan. “Hindi ka makakaalis sa lugar na ito! Mamatay ka muna bago ka makalayo!”

Hindi natinag si Dustin. Kung puwede lang sanang hilahin niya ang dalaga pababa. “Come on, jump!”

Pikit-mata itong tumalon. Mabilis naman siyang nakalapit para alalayan itong tumayo.

“Hindi ka makakaalis!” Nakatayo pa rin sa taas ng bubong si Remedios. Dumadagundong ang galit na galit na tinig nito na tila nakikisama sa kidlat at kulog.

“Let’s go!” Hinila na niya ang dalaga. Tinakbo nila ang maputik na kalsada patungo sa nakaparadang kotse niya.

Hustong nakapasok na sila nang biglang tumambad sa kanya ang nakakatakot na mukha ng matanda. Mabilis itong humahakbang palapit sa

sasakyan. Itinaas nito sa ere ang hawak na kahoy.

Napasigaw si Miranda sa magkahalong gulat at takot.

But the psycho old woman was not his concern. Napakalapit na nito at akmang ipapalo ang hawak sa salamin ng kotse.

"Sh*t! This car is brand new!" Mabilis niyang pinaandar ang kotse bago pa mawasak ang salamin nito. Fearing for his *Benz* more than anything, inis na pinaharurot niya iyon palayo sa lugar na iyon.

Hindi mapigilan ni Miranda na lingunin ang tiyahin.

Galit na galit ito habang hinahabol ang sasakyan. Hanggang sa nagmistula itong tuldok sa gitna ng makulimlim na liwanag ng buwan.

"Are you okay?" Nilinga ni Dustin ang dalaga, sabay sulyap sa bag na nasa backseat. She was still holding back tears. They were both soaking wet.

"Get the bag," utos niya. Atubili naman itong sumunod. "Magbihis ka na. Just use my clothes, you don't have any choice anyway."

"H-ha? S-sige." Bahagya pa itong namula. Pagkuwan ay lumipat ito sa backseat at nagsimulang

hubarin ang suot na damit. Awtomatikong nag-iwas siya ng tingin. Basang-basa nga siya at nanlalamig pero unti-unting nag-iinit ang kanyang temperatura. Iniisip pa lang niya ang dalaga sa likod ng kotse na isa-isang tinatanggal ang basang damit ay parang lalagnatin na naman siya.

Ilang sandali pa ang lumipas bago ito umimik. “I-ikaw din, magbihis ka na.”

“What?” Wala sa loob na napasulyap siya rito through the mirror. Hindi niya sigurado kung nagsalita ito o hindi.

“S’abi ko, magbihis ka na rin. Hindi magandang mababad ka sa basang damit.”

“Oh! Of course.” Itinigil niya sandali ang kotse sa tabi ng daan at lumipat sa backseat. Pumunta naman ito sa harapan, itinutok ang mga mata sa labas.

Normally, he would not really mind taking his clothes off in the presence of a woman. Pero ngayon, nakapagtatakang punung-puno siya ng alinlangan. There was an obvious sexual tension between them but he chose to ignore it. Dinoble niya ang bilis para matapos na ang mga kalaswaang pilit nagsusumiksik sa kanyang utak. Naiiling na lang siya.

Matapos magbihis ay muli siyang bumalik sa driver seat at pinaandar ang kotse. “Let’s go.”

Tumango lang ito. Nang tumingin ito sa kanya, hindi nakaligtas sa kanyang paningin ang luhang nais kumawala sa mga mata nito.

He let out a sigh. “It’s fine. For crying out loud, huwag kang mahiya.”

Muli itong napatingin sa kanya at sinalubong niya ang magaganda nitong mata. Unti-unting namuo ang luha roon hanggang sa tuluyang pumatak iyon sa mga pisngi nito.

“S-si T-Tito…” sambit nito.

“He’s going to be fine. Kailangan siya ng tita mo, hindi siya maaano.”

Sunud-sunod itong napasigok. “P-pero n-nahihirapan na iyong maglakad. W-wala nang aalalay sa kanya… w-wala nang mag-aalaga…”

“Babalikan mo naman siya, di ba?” He gave her a smile. Inabot niya ang palad nito at bahagyang pinisil.

Lalo itong nangatal kaya mabilis niyang binawi ang kamay. Nanatili lamang itong nakatitig sa kanyang mukha. Hindi siya iniwan ng tinging iyon

hanggang sa tuluyan siyang maasiwa.

Awtomatikong nagdikit ang kanyang mga kilay. "W-what?"

"W-wala." Lihim na bumalatay ang pagtataka sa mukha ng dalaga, tila hindi maintindihan ang nararamdaman sa kasalukuyan habang katabi si Dustin.

Atubiling niyakap na lamang nito ang sarili habang lihim na sinasamyo ang amoy ng suot na damit; mabango iyon katulad ng nagmamay-ari.

PINAGSALIKOP ni Miranda ang mga nangangatal na palad. Ang lakas pa rin ng ulan kaya hindi siya makatulog. Lalo pa at alam niyang iyon ang simula ng bago niyang buhay. At hindi niya alam kung ano ang dapat niyang asahan.

Estranghero ang lalaking kasama niya sa mga oras na iyon, pero naniniwala siyang hindi siya nito pababayaan. Kahit paano ay may sayang lumulukob sa kanyang puso. Kanina, nang ngitian siya nito, sinalakay ng labis na kaba ang kanyang dibdib. Napako ang kanyang mga mata sa mukha nito.

Gustung-gusto niya ang hitsura nito. Matangkad,

malinis, nakakaakit tingnan. Ang ganda ng mga mata ni Dustin at parang nakikita mula roon ang buo nitong kaluluwa. At ang boses nito, ang sarap sa pandinig—malamig, malambing.

At nang hawakan nito ang kanyang palad kanina, lalo siyang kinabahan. Para siyang sinalakay ng milyung-milyong boltahe ng kuryente.

“Don’t worry.” Napaigtad siya nang magsalita si Dustin, awtomatikong napakurap siya habang nakatitig pa rin dito. Ang ngiti na namang iyon. Hindi niya tuloy mapigilang mapasinghap. “Kasama mo ako, hindi ka maaano. And about your tito, we’ll find a way.”

Doon lang niya namalayang bahagya palang nakaawang ang kanyang mga labi habang nakatitig sa mukha nito. Mabilis niya iyong itinikom. “S-salamat.”

Kumindat ito at literal na nahulog ang kanyang puso pababa sa kanyang sikmura.

*Diyos ko po!* Ano itong kanyang nararamdaman?

Hanggang sa natanaw nila ang main road, hindi pa rin tumitigil sa mabilis na pagpintig ang kanyang puso.